

# *Para sa maingat na pagsakay ng bisikleta*



## Kumuha ng insurance sa bisikleta.

Sa Aichi Prefecture, ang mga gumagamit ng bisikleta ay obligadong kumuha ng bicycle liability insurance. Mayroong mga kaso ng mataas na halaga ang kabayaran kung saan ang isang gumagamit ng bisikleta ay siyang gumawa ng isang aksidente sa trapiko, kaya siguraduhing kumuha ng insurance para sa gantong pangyayari.



## Mapa-bata man o matanda ay kinakailangan na mag-suot ng helmet.

Subukang magsuot ng helmet kapag nakasakay sa bisikleta. Humigit-kumulang na 70% na ang mga nasawi sa aksidente sa  bisikleta at nagdudulot ng nakamamatay na pinsala sa ulo. Sa pag-gamit ng helmet sa tamang paraan, mapo-protektahan nito ang ating buhay.




## Ano ang dapat kong ika-ingat tungkol sa pagsakay sa bisikleta?





Bilang isang pangkalahatang panuntunan, ang mga bisikleta ay dapat magmaneho sa kalsada.
Sa oras na nakasakay ng bisikleta at kayo ay nasa kalsada, mangyaring pumaroon sa kaliwang bahagi nito.
Ang mga bisikleta ay maaari lamang maglakbay sa sidewalk sa mga exceptional na pangyayari.
Ang mga pedestrians ay ang may priyoridad sa sidewalk.







Sa lugar na may interseksyon, mangyaring sundin ang traffic light.
Sa lugar na mayroon na stop sign, palaging huminto at siguraduhin ang kaligtasan.



Sa tuwing sasakay ng bisikleta sa gabi, mangyaring gamitin ang ilaw nito.



Iwasan ang pag-sakay sa bisikleta ng naka-inom ng alak.



Subukang magsuot ng helmet kapag nakasakay sa bisikleta.

**Para sa maingat na pagsakay ng bisikleta**

Aichi Police YouTube
Official Channel

AICHI PREFECTURAL POLICE

タガログ語